
GRADE VI

# PAGPAPLANO AT MGA SALIK NA DAPAT ISAALANG-ALANG SA PAGPILI NG AALAGAANG HAYOP

## ALAMIN MO



***May mga alagang hayop ba kayo tulad ng nasa larawan? Nais mo bang mag-alaga ng mga hayop? Sa modyul na ito malalaman mo ang pagpaplano at mga salik na dapat isaalang-alang sa pag-aalaga ng hayop.***

## PAGBALIK-ARALAN MO

A. Sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwadernong sagutan.




B. Ang kasanayan sa pagsukat ay makakatulong sa pagplano ng pag-aalaga ng hayop.

Balik-aral sa mga katumbas na sukat

| | |
|---|---|
| 1- sentimetro | - .3937 pulgada |
| 1- metro | - 39.37 pulgada |
| 1- pulgada | - 2.54 sentimetro |
| 1- talampakan | - 3048 metro |
| 12- bagay | - 1 dosena |
| 10- hektogramo | - 1 kilo |

## PAG-ARALAN MO

Basahin ang sitwasyon.

Ang pag-aalaga ng hayop ay isang gawaing mapagkakakitaan. Kaya't mahalagang pagplanuhan muna bago magsimula upang matiyak ang ikatatagumpay nito.

Sa pagpili ng aalagaang hayop, dapat isaalang-alang ang kapaligiran o lugar na paglalagyan. Dapat angkop ang uri ng hayop at ng pangangailangan sa kapaligiran. Ang kambing, baka at kuneho ay mabuting alagaan sa lugar na may malawak na damuhan. Sa malawak na bakuran naman alagaan ang manok, at kuneho. Ang isda at itik ay angkop sa lugar na malapit sa dagat, ilog at iba pang anyong tubig.

Isaalang-alang din ang puhunang kakailangin para sa kulungan, gamot at pagkain.

Maaaring sumangguni sa mga ahensiya ng pamahalaan. Magsimula sa maliit kapag kulang ang karanasan. Unti-unting matututuhan ang mga dapat at hindi dapat gawin.

## SUBUKIN MO

A. Pumili ng angkop na hayop na maaaring alagaan sa inyong bakuran. Iguhit ito sa kuwaderno.

B. Iguhit mo ang mga kagamitan at kasangkapang gagamitin sa pag-aalaga ng piling hayop.

## TANDAAN MO

Sa pagbabalak ng pag-aalaga ng hayop, dapat isaalang-alang ang kapaligiran o lugar na paglalagyan, uri ng hayop na aalagaan, puhunan, gamot at pagkain at kasanayan sa pag-aalaga ng hayop.

**ISAPUSO MO**

A. Sagutin ang mga sumusunod na sitwasyon. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. May malawak kayong lupain na maraming tumutubong damo sa paligid nito. Ang tatay mo ay nawalan ng trabaho, ang nanay ay abala sa gawaing bahay. Kung tatanungin ka tungkol sa plano ng pag-aalaga ng hayop, anong hayop ang pipiliin mo? Bakit?

2. Marami kayong alagang hayop na tulad ng manok at kambing. Ang kaibigan mo ay balak mag-alaga ng mga hayop din. Ano ang maipapayo mo sa kanya bago siya magsimula?



**PAGTATAYA**

A. Basahin mabuti ang mga pangungusap. Piliin at isulat ang titik nang tamang sagot.

______1. Sa pagbabalak ng pag-aalaga ng iba't-ibang hayop dapat isaalang-alang ang _________.

A. lugar　　　C. uri ng hayop
B. puhunan　　D. lahat ng nabanggit

______2. Sa pasimula maaaring sumangguni sa mga ________ ng pamahalaan.

A. tindahan　　C. botika
B. ahensya　　D. pagamutan

______3. Angkop na lugar ang mag-alaga ng ______ at itik sa lugar na malapit sa dagat, ilog at iba pang anyong tubig.

A. bibi C.baka
B. manok D. kambing


______4. Sa pagpaplano ng pag-aalaga dapat alamin ang maaaring pagkagastahan gaya ng mga kagamitan sa_____ pagkain at gamot.

A. kulungan C. tahanan
B. kapitbahay D. kusina

______5. Isang gawaing mapagkakakitaan ang pag-aalaga ng hayop ngunit mahalagang piliin na_________

A. makakaabala C. makakatulong
B. makakasagabal D. magpapabigat

B. Sikaping sumangguni sa mga may alagang hayop sa inyong lugar tungkol sa pagpaplano ng angkop na uri ng hayop na nais mong alagaan. Isulat ito sa kuwadernong sagutan.



**Kung nasagutan mo nang buong husay ang bahaging pagtataya ng modyul, binabati kita! Maaari mo nang pag-aralan ang susunod na modyul.**